Huwag niyong sabihin: Mā shā'a -llāhu WA-shā'a fulān (Ang niloob ni Allāh AT niloob ni Polano), subalit sabihin ninyo: Mā shā'a -llāhu THUMMA shā'a fulān (Ang niloob ni Allāh PAGKATAPOS niloob ni Polano)."}

Ayon kay Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Huwag niyong sabihin: Mā shā'a -llāhu WA-shā'a fulān (Ang niloob ni Allāh AT niloob ni Polano), subalit sabihin ninyo: Mā shā'a -llāhu THUMMA shā'a fulān (Ang niloob ni Allāh PAGKATAPOS niloob ni Polano)."}
[Tumpak dahil sa kabuuan ng mga daan nito] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā, at Imām Aḥmad]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magsabi ang Muslim sa pananalita niya ng: "Mā shā'a -llāhu WA-shā'a fulān (Ang niloob ni Allāh AT niloob ni Polano)"; o: "Mā shā'a -llāhu WA-fulān (Ang niloob ni Allāh AT ni Polano). Iyon ay dahil ang kalooban ni Allāh at ang pagnanais Niya ay walang-takda at walang nakikilahok sa Kanya rito na isa man. Sa paggamit ng AT sa pagdurugtong ay may pagpaparamdam ng pakikilahok ng isa kay Allāh at pagpapantay sa pagitan ng dalawa Subalit sasabihin niya: "Mā shā'a -llāhu THUMMA shā'a fulān (Ang niloob ni Allāh PAGKATAPOS niloob ni Polano)." Kaya naman ginagawa niya ang kalooban ng tao na kasunod sa kalooban ni Allāh sa pamamagitan ng pagsabi ng: THUMMA (PAGKATAPOS) sa halip ng: WA (AT) dahil ang THUMMA (PAGKATAPOS) ay nagpapahiwatig ng pagpapasunod at pagpapatlang.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee